

## WELCOME

Ano ang dalawang pinakamahalagang desisyong nagawa mo sa buhay mo?

## WORSHIP

Ibahagi ang isang bagay na pinagpapasalamat mo dahil sa ginagawa ng Diyos sa Kaagapay o kaya ay sa BBCC.

## WORD

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na...*



*Head (Knowledge):* Maunawaan ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng Diyos sa kanyang dakilang karunungan.



*Heart (Character):* Maramdaman ang sariling kakulangan sa karunungan at ang kasapatan ng Diyos na tumugon sa kakulangang ito.



*Hand (Behavior/Action):* Makagawa ng isang malinaw na hakbang upang maging matatag ang pagkakaunawa at pagtitiwala sa karunungan ng Diyos.

## Panimula

1. Ibahagi ang isang pagkakataon kung saan may nagawa kang maling desiyon. Pano ito naging mali? Ano ang naramdaman mo pagkatapos nito?

*Tulay tungo sa Talakayan:* Tayong mga tao ay maraming maling desisyong nagagawa sa araw-araw. Ngunit ang ating Diyos ay Diyos na marunong sa lahat (infinitely wise). Di siya maaaring magkamali. Ayon kay Wayne Grudem, *God's wisdom means that God always chooses the best goals and the best means to those goals* (Systematic Theology, 193). Lagi niyang pinipili ang pinakamagandang layunin at pinakamagandang paraan para makamit ang gayong mga layunin. Tandaan na ang pinakamataas na layunin niya sa lahat ng kanyang ginagawa ay mabigyan ng kapurihan at kaluwalhatian ang kanyang pangalan.

## Talakayan

2. Basahin ang Roma 16:27, Job 9:4; 12:13. Ayon sa iyong pagkakaunawa, paano mo maisasalarawan ang “karunungan” ng Diyos?

3. Paano natin makikita ang karunungan ng Diyos sa kanyang paglikha sa sanlibutan (Awit 104:24) at sa kanyang plano sa pagliligtas sa atin (1 Corinto 1:18-30)?

4. Base sa halimbawa ni Pablo sa Roma 11:33, ano dapat ang tugon natin kung mauunawaan natin ang kamangha-manghang plano ng Diyos ukol sa kaligtasan?

5. Basahin ang Efeso 3:6-10. Sa pagsasama-sama ng Diyos sa mga taong magkakaiba (sa lahi, pinanggalingan, kakayahan, personalidad) sa Iglesia, paano natin dito makikita na marunong nga ang Diyos sa ginawa niya?

6. Ano ang dapat nating gawin kung alam natin na marunong ang Diyos sa tuwing kulang tayo sa karunungan (Santiago 1:5) at sa tuwing di natin nauunawaan ang nangyayari sa buhay natin (1 Pedro 4:19; Kawikaan 3:5-6)?

## Pagsasabuhay

7. Anong mga bagay ang ginagawa mo o iniisip mo na nagpapahayag na para bagang di marunong ang Diyos sa ginagawa niya sa buhay mo o sa paligid mo?

8. Talaga bang pinaniniwalaan mo na marunong ang Diyos sa nangyayari sa buhay mo? Sa mundo? Kung may mga panahong nahihirapan kang paniwalaan ito, ano ang maaari mong gawin upang mabago ang iyong pananaw ukol sa karunungan ng Diyos?

Memory Verse of the Week: Santiago 1:5  
*Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at siya'y libigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana at di nanunumbat.*

## WORKS

[Para sa leader: Gamitin ang oras na ito upang magplano para makaabot ang Kaagapay sa mga taong di pa nakakakilala kay Cristo. Hilingin ang karunungan ng Diyos sa pagpapalano.]